# *Pitak Filipino*

Ni Kap. Agustin L. Galang, NIG (17)

## ALITUNTUNIN NG DAKILANG MANGGAGAWA

Sa mga sandali ng aking mataimtim na pagmumunimuni, ngayong ako'y nasa dapit-hapon na ng Buhay, ay ngayon ko lamang napagwawari, na ako ay naninirahan sa isang Templo na hindi ginawa ng mga kamay, ang katawang nilikha ng katangitanging ISIP na makapangyarihan sa lahat. Ang isip ay siyang pinakamahalagang biyaya ng Diyos sa tao. Ang wagas na isip ang tagapagtaguyod ng tao sa kaunlaran at kaligayahan. Kapag ito ay naglaho, ay mawawala na rin ang katalinuhan at buhay na walang hanggan.

Ang Dakilang Manggagawa ay itinatag ang kanyang mga Templo (ang mga tao sa Sandaigdig) sa tugatog ng mga buhay na bato, kalakip ang Banal na Pag-ibig at laya ng kaisipan. Gayon ma'y marami pang maliliit na bagay (details) na iniwan upang bigyan ng pagkakataon ang tao sa pagbalangkas at pagsasakatuparan ng mga ito sangayon sa kanilang mithiin at pangangailangan.

Ang Manlilikha ay pinagkalooban din ang tao ng hustong kasangkapang kinakailangan sa pagyari ng Banal niyang Templo. Nasasa kanyang talino't katapatan sa wastong paggamit ng mga ito, sa maikling panahong ilalagi niya sa Mundo. Dito masusubok kung siya'y karapat-dapat sa Matang Nakikita ang Lahat.

Upang maging ganap (perfect) ang Templong tinitirhang kong ito, bayaan ninyong buong ingat kong balakin, ng maging siguring kalakip ang puspos na kaligayahan, di lamang para sa sarili, kundi para sa lahat ng doo'y magaganyak na pumasok, dahil sa huwaran kong pamumuhay na ipinakikita sa wika't sa gawa. Ipagpaumanhin ninyong itayo ko ang bantayog kong ito, alinsunod sa larawang-guhit ng Dakilang Guro, na ang Busilak Niyang Liwanag, kailan ma'y hindi mangungulimlim sa kanyang Dambana, ang Liwanag ng Katalinuhan at inspirasion sa lahat ng doo'y dadalangin at magtitika.

Bayaan inyong: sangkapan ko ito ng katapatan at katotohanan, upang maging matatag at matibay, sa gayo'y mapapawi ang alinlangan at paguupasalaan; tanglawan ito ng pagtitiwala at katarungan upang ang magsisipagkanlong doon ay tiwasay at panatag ang kalooban; palabukan ito ng kagandahang-loob, kawanggawa't maka-Diyos na Pagibig sa lahat ng buhay na kaluluwa, ng lubos nilang matalos na


**C. DEL MUNDO REALTY**

Member:

Manila Board of Realtors
Philippine Association of
Real Estate Boards.

Specialists in.

Sales, Service, Brokerage, Sub-Divisions, Low-Cost Housing, etc.

Send inquiries to:

C. Del Mundo Realty
600 Rizal Ave., Manila —
Tel. 3-24-31
1120 A. Mabini, Manila —
Tel. 59-84-21

ang Liwanag na patuluyang nagniningning doon ay malaganap at naggagawad ng Buhay sa bawa't nilalang na kanyang masilayan.

Ang mga kagamitan ko dito sa aking Templo (ang aking mithiin, patakaran, at pagpapalagay sa kapuwa) ay hindi kailanman magkakabahid ng kasakiman, ni sasarilinin ang Templong itong pahiram lamang ng Maykapal; manapa'y aamukiin ko ang lahat; pagkat ikikintal ko sa aking puso't damdamin, na ang Sansinukob ay isang Dakilang Templo na nilikha ni Bathala, hindi para sa isa, kundi para sa lahat.

Papalamutihan ko ito ng pusong maawain, dibdib na matapatin, at kamay na laging handang iggawad sa mga inaapi't sinasamang palad. Ngunit ang pinakamahalagang hiyas na aking idudulot ay ang Talino, upang umisip at magsakatuparan ng magagandang balak; Lakas, upang tumulong at managutan sa lahat ng wastong pasanin. Kagandahan, upang magin kaayayang palamuti sa lahat ng Magigiting at Mahahalagang Gawain.

Sapagkat alam kong ang batayan ng Dakilang Manggagawa ng aking Templo (katawan) ay ang Walang Maliw na Pagibig at Buhay na Binasbasan, ay kailangan kong matutuhan ang wastong paggamit ng mga kasangkapang kaloob Niya sa akin, upang ako'y maging karapatdapat sa Kanyang Sinapupunan.

Matapos kong maisakatuparan ang tungkuling sa sarili'y ipinatao, at dumating na ang panahong, ang kaluluwa ko'y dapat ng mawalay sa lupang katawan, upang maglakbay doon sa Bayang hindi pa natutuklasan, na sa kanyang sinapupunan, ay wala pang nakababalik na sinomang manlalakbay, sa aking mga ginawa'y makapagiwan man lang ako ng isang munting ilaw, na sa kanyang liwanag ay matauhan ang mga kaluluwang nalulugmok sa kasamaan, ay langit ko nang ituturing, pagkat kahit hindi lubos, ako'y nakatupad sa Ginintuang Tuntunin ng Dakilang Manggagawang, sa mga Mason ay PAMARISAN. △

* * *

## LOOK UP

*Look up and not down.*
*Look forward and not back*
*Look out and not in*
*Lend a hand.*

*Edward Everett Hale*

* * * *


**NOW ON SALE....**

**Masonic Demeanor and Proper Decorum in Lodge Meetings .. ₱1.00**

Handbook prepared in answer to the demand of brethren for knowledge in the rules, regulations, laws, procedures, customs and traditions which guide Masons in the conduct of stated meetings and the performance of the rites and ceremonies of the Craft.

Other books and pamphlets

**Basic Instructions in Floor Work** .................... ₱1.00
**Installation Ceremonies in Subordinate Lodges .. (In Pilipino)** ................ 2.00
**Philippine Masonry by Kalaw** 3.50

Send your orders to:
PLARIDEL MASONIC SUPPLY SERVICE
1440 San Marcelino, Manila



**G. O. SABAS**
**Jeweller**

**Maker of Masonic Emblems and Jewelry**

**D. R. ESCOSA**
*Authorized Representative*

75 Sibuyan St., Sta. Mesa Heights
Quezon City Tel: 615998